タガログ語訳

Tagalog

KAWASAKI CITY

Kung Wala Kang Makuhang Garantor sa Pagrenta ng Apartment o Bahay

川崎市

Suporta para sa Mamamayan ng Kawasaki

(Naninirahan sa Kawasaki)

Ang sistemang ito ay tumutulong sa mga tao kagaya ng mga dayuhan na hindi makakuha ng garantor para maka-upa ng tirahan sa Kawasaki City. Sa pamamagitan ng pagpirma ng kontrata sa insurance company na itinalaga ng city government, puwede kayong maka-upa ng tirahan. Aakuin ng insurance company ang hindi nabayarang upa o kapinsalaan para maipanumbalik ang nasira sa bahay na posibleng pabayaran sa inyo sa panahon ng pag-alis o paglipat ng tirahan. Ang city government at ang sumusuportang mga organisasyon ay nagbibigay ng tulong sa mga taong nagkakaproblema dahil sa kahirapan sa lenguwahe.

Taong Nilalayon / Para Kanino Ito? (Object person)

Alinman sa mga sumusunod na kondisyon ay dapat matugunan:

1. Dayuhan na may katunayan na siya ay naninirahan sa Kawasaki City. [Residence Certificate]
2. Dayuhan na nagtatrabaho sa Kawasaki City.
3. Dayuhan na nag-aaral sa Kawasaki City.

Para rin ito sa ibang mga tao katulad ng mga may kapansanan o senior citizen.

Mga iba pang Kondisyon:

◎ Sa mga taong kayang magbayad ng renta galing sa sariling kita, pensiyon o sa welfare assistance.

◎ Sa mga taong kayang mamuhay na nagsasarili. [Can live independently]

◎ Sa mga taong may kamag-anak o kakilala sa Japan na kayang tumulong sa panahon ng kagipitan o pangangailangan.

Insurance Premium

◎ Ang Bayad sa Insurance ay 35% ng halaga (buwanang upa at pangkaraniwang bayad sa serbisyo) para sa dalawang (2) taong kontrata. Minimum na halaga ay ¥10,000.

◎ Ang uupa ay pipirma ng Home Contents Insurance sa loob ng dalawang (2) taong espesyal na kontrata.

- Tenant's Liability Insurance (sagutin o pananagutan) ay nagkakahalaga ng mahigit sampung (10) milyong yen.
- Personal Liability Insurance nagkakahalaga ng mahigit sampung (10) milyong yen.

Patakaran ng Insurance (Insurance Policy)

①Renta na hindi nabayaran at atrasadong babayaran
(Ang maximum na aakuin ay hanggang pitong (7) buwang renta at pangkaraniwang bayad serbisyo)

②Gastusin sa pag-kumpuni ng tinirhan at pagtapon ng naiwang kasangkapan o muwebles
(Ang maximum na aakuin ay hanggang tatlong (3) buwang renta at pangkaraniwang bayad serbisyo)

Paano Maghanap ng Bahay Paupahan

Ang paupahang bahay na kung saan ang sistemang ito ay aplikabol sa yaong pinamamahalaan ng real estate agencies na nakarehistro bilang “cooperative real estate agencies”. Ang listahan ng “cooperative real estate agencies” ay binibigay sa Kawasaki City. Pumunta lamang sa real estate agencies na nasa listahan at maghanap ng paupahang bahay.

※ Ang nasa kanan na estiker ay makikita sa unahan ng upisina ng naka-rehistrong real estate agency.

Para sa karagdagang inpormasyon

◎川崎市住宅供給公社
(Kawasaki-shi Juutaku Kyoukyuu Kaisya)
TEL 044-244-7623
FAX 044-244-7509
〒210-0006 Kawasaki Isago bldg. 1-2-4, Isago, Kawasaki-ward, Kasawaki City

◎川崎市まちづくり局住宅整備課
(Kawasaki-shi Machitsukuri kyoku Juutaku Seibi Ka)
TEL 044-200-2997
FAX 044-200-3970
〒210-8577 1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ward, Kawasaki City

Sumusuportang Organisasyon

◎財団法人川崎市国際交流協会 (Kawasaki International Association)
Desk na tumutulong sa mga dayuhang mamamayan na mayroong iba’t-ibang problema at kahirapan sa pang-araw-araw na pamumuhay. Wala pong bayad ang konsultasyon.

TEL 044-435-7000 FAX 044-435-7010
〒211-0033 2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ward, Kawasaki City

◎Kanagawa Housing Support Center for Foreign residents
Makakakuha ng konsultasyon serbisyong may kahusayan ukol sa problema sa tirahan. Kung hindi kayo maka-upa ng tirahan dahil isa kayong foreigner o dayuhan o hindi ninyo alam kung paano maghanap ng mauupahang bahay o wala kayong garantor, Paki-kontak o tumawag lamang po sa:

TEL 045-228-1752 FAX 045-228-1768
〒231-8458 2F, Yokohama YMCA bldg, 1-7 Tokiwa-cho, Naka-ward, Yokohama City